


Araling Panlipunan

Ikatlong Markahan – Modyul 2: Mga Isyu sa Kasarian at Lipunan



**Araling Panlipunan – Ikasampung Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 2: Mga Isyu sa Kasarian at Lipunan
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul	
Manunulat:	Einee B. Camota, Jherry L. Faustino, Raquel C. Cruzada, Alexis B. Pidlaoan
Editor:	Leizl S. Cancino, Perpetua V. Barongan, Markconi F. Taroma, Cristina C. Aquino
Tagasuri:	Editha T. Giron, Gemma M. Erfelo, Gina A. Amoyen, Renato S. Santillan
Tagaguhit:	Dennis A. Evangelista
Tagalapat:	Lemuel Dino V. Visperas, Jera Mae B. Cruzado
Tagapamahala:	Tolentino G. Aquino Arlene A. Niro Gina A. Amoyen Editha T. Giron Venus Maria SM. Estonilo Renata G. Rovillos

**Inilimbag sa Pilipinas ng
Department of Education – Region I**

Office Address: Flores St., Catbangan, City of San Fernando, La Union
Telefax: (072) 682-2324; (072) 607-8137
E-mail Address: region1@deped.gov.ph

10

Araling Panlipunan

**Ikatlong Markahan – Modyul 2:
Mga Isyu sa Kasarian at Lipunan**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Mula noon hanggang sa kasalukuyan ay nananatiling malaking isyu at hamon ang pagkapantay-pantay ayon sa kasarian. Sa araling ito, ilalatag ang mga impormasyong nagpapakita ng diskriminasyon sa mga kalalakihan, kababaihan at LGBT. Nakapaloob din sa araling ito ang ilan sa mga halimbawa ng mga nasabing diskriminasyon at ibat ibang isyus hinggil sa kasarian na nararanasan sa iba't ibang bahagi ng daigdig.

Inaasahan na matutuhan mo lahat ang mga aralin na inihanda para sa iyo. Ang **Aralin 2** ay tumutukoy sa **Mga Isyu sa Kasarian at Lipunan**. Ito ay nahahati sa sumusunod na paksa:

Paksa 1: Diskriminasyon sa mga Kalalakihan, Kababaihan at LGBT


Paksa 2: Mga karahasan sa mga Kababaihan, Kalalakihan at LGBT

Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto:

Nasusuri ang mga ibat ibang uri ng diskriminasyon sa kababaihan, kalalakihan, at LGBT. (**MELC2**)

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang iyong:

1. nabibigyang kahulugan ang mga salitang karahasan at diskriminasyon;
2. natutukoy ang mga uri ng diskriminasyon at karahasan laban sa mga kababaihan, kalalakihan at LGBT;
3. natatalakay ang iba't ibang anyo ng karahasan laban sa mga kababaihan, kalalakihan, at LGBTQ; at
4. nakikilala ang mga personalidad na kabilang sa LGBT Community at ang kanilang kontribusyon sa lipunan.



Subukin

Bago simulan ang pag-aaral, sagutan ang paunang pagtataya upang masubok ang lawak ng iyong kaalaman tungkol sa paksang tatalakayin. Ito ay magsisilbing gabay upang magkaroon ka ng ideya at mawari ang nilalaman ng modyul na ito.

Gawain 1: Paunang Pagtataya

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong at piliin ang titik lamang ng wastong sagot mula sa mga pagpipilian. Isulat sa hiwalay na papel ang mga napiling sagot.

1. Ang mga tao ay nakararanas ng hindi pantay na karapatan kumpara sa iba. Ano ang tawag sa anumang pag-uuri, eksklusyon o restriksiyon batay sa kasarian na naglalayon o nagiging sanhi ng hindi pagkilala, paggalang at pagtamasa ng lahat ng kasarian ng kanilang mga karapatan at kalayaan?
 - A. Paghihiwalay
 - B. Pagbubukod
 - C. Diskriminasyon
 - D. Pag-uuri uri
2. Suriin ang larawan at sagutin ang tanong sa ibaba.



Ano ang iyong mahihinuha tungkol sa larawan?

- A. May pantay na karapatan na ang babae at lalaki.
 - B. Ito ay isang uri ng diskriminasyon at karahasan laban sa kalalakihan.
 - C. Ang mga lalaki ay maaaring gawin ang mga gawaing bahay.
 - D. Mas maraming babae na ang naghahanap buhay at ang mga lalaki ang naiiwan sa bahay.
3. Nag-aapply ng trabaho sina James at Mila sa isang kompanya. Natanggap si James ngunit hindi natanggap si Mila kahit na mas mataas ang kanyang kuwalipikasyon at nakapagtapos sa isang kilalang unibersidad. Napagalaman nila na madalang kumuha ng empleyado na babae ang pribadong kompanya sapagkat mabagal daw magtrabaho ang mga babae bukod sa madalas pa lumiban ang mga ito kaysa sa mga kalalakihan. Sa Pilipinas, may batas na nagbabawal ng diskriminasyon tungkol sa mga tuntunin at kundisyon ng pagtatrabaho na batay sa kasarian. Alin sa mga batas ang tumutugon sa kaso ni Mila?
 - A. RA 6725
 - B. RA 9262
 - C. RA 7882
 - D. RA 7877

4. Bukod sa lalaki at babae lantad na rin ang mga tinatawag na LGBT. Ano ang kahulugan ng inisyalismo na LGBT?
- Lesbian, Gay, Bisexual, at Tomboy
 - Lesbian, Gangster, Bakla, Tomboy
 - Lesbian, Gay, Bisexual, Transgender
 - Lesbian, Guy, Bisexual at Transgender
5. Ang UN-OHCHR o “Office of the United Nations High Commissioner for Human Rights”, ay isang pandaigdigang samahan na nagusulung ng pantay na proteksiyon ng mga karapatang pantao at Kalayaan na nakasaad sa Universal Declaration of Human Rights. Alin sa mga sumusunod ang hindi nagpapahayag ng Katangian ng Karapatang Pantao?
- Ang mga Karapatang Pantao ay para sa lahat ng mga tao.
 - Ang mga Karapatang Pantao ay hindi maililipat kaninuman.
 - Ang mga karapatang pantao ay hindi natatangi.
 - Ang mga karapatang pantao ay hindi sapilitan.
6. Si Jennifer Laude ay isang transgender o transwoman na nagkaroon ng masaklap na karanasan sa buhay. Nang natuklasan na siya ay hindi tunay na babae, siya ay pinatay ni Lance Cpl. Joseph Scott Pemberton, isang Amerikano na kabilang sa Hukbong Kawal Pandagat ng Estados Unidos noong taong 2014. Sa iyong palagay, ano ang maari mong gawing hakbang upang lalong maging katanggap-tanggap sa lipunan ang mga LGBT Community?
- Sumama sa lahat ng organisasyon na may kinalaman sa LGBT
 - Sumali sa mga demonstrasyon upang marinig ng pamahalaan ang hinaing ng mga LGBT
 - Suportahan ang mga batas o polisiya na nangangalaga at nagpoprotekta sa kapakanan ng LGBT
 - Sumang-ayon na lamang sa ipinaglalaman ng grupong nasalihan upang maipakita ang pagsuporta sa LGBT
7. Nararanasan pa rin ang pandaigdigang karahasan at diskriminasyon sa mga kababaihan at kalalakihan lalo na ang mga kasapi sa LGBT. Ano ang maari mong gawin upang matugunan ang mga pandaigdigang isyung ito?
- Sasabihin ko sa kinauukulan ang mga pangyayari sa aming barangay
 - Wala akong pakialam dahil hindi naman ako kasapi sa mga nakaranas ng ganoong sitwasyon at diskriminasyon
 - Ipapalaganap ko sa sosyal midya ang mga karahasan at diskriminasyon na nangyayari sa ating bansa upang sa ganoon ay makagawa ang ating pamahalaan maging ang pandaigdigang samahan ng mga programa na makapagpipigil ng karahasan at diskriminasyon
 - Maging mulat at mapagmasid
8. Nakita ni Kapitan Tiyago na inaapi o tinutukso si Angel, isang binabae o kasapi ng LGBT. Bilang pinuno sa barangay, ano ang maaari mong gawin upang maiwasan ang ganitong pangyayari?
- Ipapakulong ko ang mga lumalabag sa karapatang pantao.
 - Pagsasabihan ko ang mga kabataan na mahuhuling lumalabag sa kasunduan o ordinansa ng barangay.
 - Ipapatawag ko ang mga magulang at pagbabayaran ng danyos sa pamilya ni Angel.
 - Magpapatawag ako ng isang pulong at magsasagawa ng isang seminar sa kabataan patungkol sa nasabing problema.

9. Ikaw ay isang lider ng samahang LGBT, bagaman ikaw ay mabuting tao, hindi maikakaila na marami pa rin ang gumagawa ng hindi naaayon sa gawi at kultura ng lipunan. Ano ang puwede mong gawin upang mabago ang pananaw ng karamihang tao tungkol dito?
- Bilang pinuno sila ay pagsasabihan ko upang sila ay matauhan.
 - Wala akong gagawin na tugon sa isyung iyan dahil wala naman akong ginagawang masama.
 - Sasabihan ko sila nang paulit-ulit na gumawa sila ng mabuti sa kapwa habang nabubuhay sila
 - Hindi ko kontrol ang kanilang kilos o galaw ngunit aanyayahan ko sila sa isang pagtitipon na nagsusulong ng pagkakapantay-pantay ng kasarian upang matututo sa kanilang ginagawa.
10. Ito ay isang kilusang politikal na nagmula sa Afghanistan na tinutuligsa dahil sa konserbatibong pananaw at pag-intindi nito sa Qur'an; Nauugnay din sa massacre, human trafficking, di-pantay na pagtrato sa kababaihan, at suicide bombings.
- NPA
 - ISIS
 - Talibanay
 - Al-Qaeda
11. Habang ikaw ay naglalakad papunta sa inyong silid aralan, nakita mo si Roy na kapwa mo mag-aaral na pinagsasabihan ng masasakit na salita ni Bb. Rosalie na inyong guro. Pinalabas siya sa klase sapagkat hindi siya nakasuot panlalaki. Ano ang iyong gagawin?
- Kakausapin ko ang aming guro na huwag niyang pakialaman ang mga kapwa ko mag-aaral sa kanilang pananamit.
 - Pagsasabihan si Roy na huwag na lang siyang magpatuloy sa pag-aaral upang makaiwas sa gulo.
 - Kakausapin ko si Bb. Rosalie na papasukin pa rin sa klase si Roy dahil karapatan niyang makapag-aral at magkaroon ng kasunduan sa tamang pananamit.
 - Hahayaan ko si Bb. Rosalie sa kanyang desisyon at irereklamo ko siya sa kinauukulan.
12. Nagising ka dahil narinig mong umiiyak ang iyong nanay. Sa pagsilip mo sa kuwarta nila, pinagbubuhatan ng kamay ng lasing mong tatay ang iyong nanay. Ano ang gagawin mo upang matulungan mo ang iyong nanay?
- Makialam at suntukin mo rin ang iyong ama.
 - Gisingin ang iyong mga kapatid upang upakan ang inyong ama.
 - Puntahan ang mga nakatatandang kapatid ng iyong ama at ipabugbog o ipakulong siya.
 - Ireport sa barangay ang pangyayari.
13. Naimbitahan mo si Kiko sa isang pormal na okasyon, ngunit ikaw ay nabigla nang nakita mo siyang nakasuot pambabae. Ano ang iyong gagawin?
- Hindi ko na siya kikilanin bilang kaibigan.
 - Magpapanggap na lang na hindi ko siya kilala.
 - Tuloy ang okasyon, hindi ako magbabago sa pagkakakilala ko sa aking kaibigan.
 - Pagsasabihan ko siya na magpalit ng kasuotan upang hindi siya kahiya-hiya.

14. Si Matmat ay isa sa mga tagapagtatag ng isang samahang LGBT. Anong programa ang maaari niyang imungkahi sa kanilang lokal na pamahalaan upang lalong makilala ang karapatan ng LGBT?
- A. Magkaroon ng Beauty Contest tulad ng “That’s My Tomboy,” “Miss Gay” sa kanilang lokal na pamahalaan.
 - B. Magkaroon ng feeding program sa kanilang barangay.
 - C. Magkaroon ng Fun Run ang lahat ng miyembro ng LGBT.
 - D. Magtayo ng isang organisayong LGBT upang mapigilan ang diskriminasyon.
15. Kung isa sa iyong kapatid na lalaki ay kumikilos nang taliwas sa kanyang kasarian, bilang kapatid ano ang iyong nararapat na gawin?
- A. Tanggapin ang pagbabagong nangyayari sa kanya.
 - B. Huwag pansinin ang mga pagbabagong nangyayari sa kanya.
 - C. Hayaan na lamang ang pagbabagong nangyayari sa kanya.
 - D. Hindi katanggap-tanggap ang pagbabagong nangyayari sa kanya.

Aralin

1

Mga Isyu sa Kasarian at Lipunan



Balikan

Sa nakaraang aralin ay natalakay natin ang pagtingin sa mga kalalakihan at kababaihan sa iba’t ibang lipunan sa daigdig partikular na sa Africa at Kanlurang Asya. Upang mapatunayan na ito ay naintindihan mo, iyong balikan ang dating kaalaman at pag-unawa sa pamamagitan ng pagtupad sa gawain na nasa ibaba.

Gawain 2: Babae ako, Boboto ako!

Panuto: Punan ang talahanayan. Isulat ang taon kung kailan nabigyan ng karapatang bumoto ang kababaihan. Gawin ito sa hiwalay na papel.

Kanlurang Asya		Africa	
Lebanon		Egypt	
Syria		Tunisia	
Yemen		Mauritania	
Iraq		Algeria	
Oman		Morocco	
Kuwait		Libya	
		Sudan	



Mga Tala para sa Guro

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.




Tuklasin

Sa kasaysayan, ang mga kalalakihan ay higit na nabibigyan ng malawak na karapatan kaysa sa kababaihan noong panahon ng mga Kastila. Isang halimbawa nito ay ang pagbibigay ng priyoridad sa mga lalaki na makapag-aral kaysa sa mga babae. Ngunit sa paglipas ng panahon ay unti-unting nakilala ang mga kababaihan bilang katuwang ng mga kalalakihan at sa katunayan ay marami na ring mga babae ang naging matagumpay sa iba't ibang larangan. Matatalakay sa modyul na ito ang paksa tungkol sa isyung diskriminasyon at ilang personalidad na nakilala sa iba't ibang larangan sa bansa at maging sa buong daigdig.

Gawain 3: Iugnay Mo!

Panuto: Magbigay ng mga salitang may kaugnayan sa diskriminasyon. Itala ang mga ito sa loob ng arrow ng *concept map* sa ibaba. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



Suriin

Ngayon ay babasahin mo ang teksto tungkol sa mga diskriminasyong nararanasan ng mga kalalakihan, kababaihan, at LGBT sa iba't ibang panig ng daigdig. Handa ka na ba? Simulan na natin!

Paksa 1: Diskriminasyon sa mga kalalakihan, kababaihan, at LGBT

Nananatiling malaking isyu at hamon ang pagkakapantay-pantay ayon sa kasarian. Sa Pilipinas, kahit malayo na ang narating ng kababaihan sa larangan ng politika, negosyo, media, akademya, at iba pang larangan; nanatiling biktima pa rin sila ng diskriminasyon at karahasan. Sinasabi ng UN Declaration on the Elimination of Violence Against Women (DEVAW) na: “Ang karahasan laban sa kababaihan ay isang patunay na hindi pantay ang turing noon pa man sa pagitan ng kalalakihan at kababaihan”, at “isa sa mga mapanganib na pamamaraan sa lipunan ang karahasan laban sa kababaihan kung saan sapilitang nalalagay sa mas mababang posisyon ang babae kaysa sa mga lalaki.”

Idineklara ni Kofi Annan, ang Kalihim-Panlahat ng Nagkakaisang Bansa sa isang ulat noong 2006 na matatagpuan sa websayt ng United Nations Development Fund for Women (UNIFEM). Isinasaad dito na: “Nangyayari sa buong daigdig ang karahasan laban sa kababaihan. Wala itong pinipiling lipunan o kultura. Ayon pa kay Annan isa sa bawat tatlong babae sa buong mundo ay masasabing biktima ng pambubugbog, sapilitang pakikipagtalik, at pagmamaltrato sa tanan ng kanyang buhay na ang umaabuso ay madalas kilala ng biktima.”

Ngunit hindi lamang ang kababaihan ang nahaharap sa diskriminasyon at karahasan, maging ang mga kalalakihan ay biktima nito. Sa katunayan, maraming kalalakihan din ang nakakaranas ng pang-aabuso sa salita (verbal abuse) ng kanilang maybahay.

Sa panayam ni Lilia Tolentino (2003) kay dating kalihim ng Kagawaran ng Kagalingan at Pagpapaunlad Panlipunan (DSWD) na si Dinky Soliman, sinabi niya na, isa sa bawat 20 lalaki sa bansa ang biktima ng pagmumura at masasakit na pananalita ng kanilang mga misis. Tinawag ni Hillary Clinton (2011) na “invisible minority” ang mga LGBT, sapagkat ang kanilang mga kuwento ay itinago, inilihim at marami sa kanila ang nanahimik dahil sa takot. Marami sa kanila ang nahaharap sa malaking hamon ng pagtanggap at pagkakapantay-pantay sa pamilya, paaralan, negosyo, lipunan at maging sa kasaysayan.

Ayon sa pag-aaral na ginawa ng United Nations Office of the High Commissioner for Human Rights o UN-OHCHR noong 2011 may mga LGBT (bata at matanda) na nakaranas nang di-pantay na pagtingin at pagtrato ng kanilang kapwa, pamilya, komunidad at pamahalaan. Ang ganitong uri ng pagkatao ay nagkakaroon ng diskriminasyon lalong lalo na sa oportunidad sa pagtatrabaho, pagkakaroon ng karapatan sa pagpapakasal, o pagkakaroon ng sariling negosyo. Nagpapakita lamang na kahit isinusulong ang pagkapantay-pantay sa bawat tao ay mayroon paring diskriminasyon lalong lalo na sa mga LGBT.

Sa kabuuan, layon ng araling ito na pagtuunan ng pansin ang mga isyung kinakaharap ng lipunan kaugnay sa mga karahasan at diskriminasyon kontra sa mga kababaihan, kalalakihan at LGBT. Bagama’t may kapulungang nagtatanggal sa lahat ng mga porma ng diskriminasyon laban sa kababaihan tulad ng *Convention on the Elimination of All Forms of Discriminations Against Women (CEDAW)* na pinagtibay noong 1979 ng Pangkalahatang Kapulungan ng Nagkakaisang Bansa, may ilang mga bansa at insidente pa ring hindi pantay ang pagtingin at pagtrato sa mga kababaihan.

Sa susunod na bahagi ng aralin ay makikilala mo ang ilang mga personalidad na naging tanyag sa iba’t ibang larangan sa bansa at maging sa buong mundo. Maaari ring mangalap ng iba pang impormasyon tungkol sa mga personalidad na ito upang mas malawak na makilala ang kanilang buhay at kontribusyon bilang kasapi ng lipunan.

Mga kilalang personalidad sa iba’t ibang larangan

ELLEN DEGENERES (lesbian)

Isang artista, manunulat, stand-up comedian at host ng isa sa pinakamatagumpay na talk-show sa Amerika, ang “The Ellen Degeneres Show”. Binigyang pagkilala rin niya ang ilang Pilipinong mang-aawit gaya ni Charice Pempengco. Noong Nobyembre 2011, ang Kalihim ng Estado na si Hillary Clinton ay ginawaran siya ng isang importanteng sugo para sa Global AIDS Awareness.

TIM COOK (gay)

Ang CEO ng Apple Inc. na gumagawa ng iPhone, iPad, at iba pang Apple products. Siya ay pumasok sa kompanyang ito noong Marso 1998. Bago mapunta sa Apple Corporation nagtrabaho rin si Cook sa Compaq at IBM, at mga kompanyang may kinalaman sa computers.

DANTON REMOTO (gay)

Isang propesor sa kilalang pamantasan, kolumnista, manunulat, at mamamahayag. Siya ay tumanggap ng unang gantimpala sa ASEAN Letter-Writing Contest for Young People na naging dahilan kung bakit naging iskolar siya sa Ateneo de Manila University. Nakilala siya sa pagtatag ng Ang Ladlad, isang pamayanan na binubuo ng mga miyembro ng LGBT.

MARILYN A. HEWSON (babae)

Chair, Presidente, at CEO ng Lockheed Martin Corporation, na kilala sa paggawa ng mga armas pandigma at panseguridad, at iba pang mga makabagong teknolohiya. Sa mahigit 30 taon niyang pananatili sa kompanya, naitalaga siya sa iba't ibang matataas na posisyon. Noong taong 2015, siya ay pinangalanang ika-20 pinakamalakas na babae sa mundo ni Forbes. Taong 2017 siya ay napabilang sa Manufacturing Jobs Initiative sa Amerika.

CHARICE PEMPENCO (lesbian)

Isang Pilipinang mang-aawit na nakilala hindi lamang sa bansa maging sa ibang panig ng mundo. Tinawag ni Oprah Winfrey na “the talented girl in the world.” Isa sa sumikat na awit niya ay ang Pyramid. Noong 2010, inilabas ang kanyang unang internasyunal na studio album na *Charice* at pumasok ito sa ika-pitong pwesto sa *Billboard 200* na naging dahilan upang si Charice ang kauna-unahang Asyanong solong mang-aawit na nakapasok sa kasaysayan ng *Top 10* ng tsart ng *Billboard 200*.

ANDERSON COOPER (gay)

Isang mamamahayag at tinawag ng New York Time na “the most prominent open gay on American television.” Nakilala si Cooper sa Pilipinas sa kanyang coverage sa relief operations noong bagyong Yolanda noong 2013. Kilala siya bilang host at reporter ng Cable News Network o CNN.

PARKER GUNDERSEN (lalaki)

Siya ang Chief Executive Officer ng ZALORA, isang kilalang online fashion retailer na may sangay sa Singapore, Indonesia, Malaysia, Brunei, the Philippines, Hong Kong, at Taiwan.

GERALDINE ROMAN (transgender)

Kauna-unahang transgender na miyembro ng Kongreso. Siya ang kinatawan ng lalawigan ng Bataan. Siya ang pangunahing tagapagsulong ng Anti-Discrimination Bill sa Kongreso. Siya ay nakapagtapos ng kursong European Languages major in Spanish and French sa Unibersidad ng Pilipinas at kumuha ng Master’s Degree in Journalism sa Unibersidad del Pais Vasco sa Northern Spain.

Sa bahaging ito ng aralin matutunghayan mo ang ilang halimbawa ng diskriminasyong kinakaharap ng lalaki, babae at LGBT.

Ang **diskriminasyon** ay ang anumang pag-uuri, eksklusyon, o restriksiyon batay sa kasarian na naglalayon o nagiging sanhi ng hindi pagkilala, paggalang, at pagtamasa ng lahat ng kasarian ng kanilang mga karapatan o kalayaan.

Si Malala Yousafzai at ang Laban sa Edukasyon ng Kababaihan sa Pakistan

Nakilala si Malala Yousafzai habang lulan ng bus patungong paaralan, nang siya ay barilin sa ulo ng isang miyembro ng Taliban noong ika-9 ng Oktubre 2012 dahil sa kanyang paglaban at adbokasiya para sa karapatan ng mga batang babae sa edukasyon sa Pakistan. Kinondena hindi lamang ng mga Muslim ang pagtatangka sa buhay ni Malala. Bumuhos ang tulong pinansyal upang agarang mabigyang lunas ang pagbaril sa kanyang ulo.

Ang Taliban ay isang kilusang politikal na nagmula sa Afghanistan. Tinutuligsa ang Taliban sa konserbatibong pananaw at pag-intindi nito sa Qur'an. Itinuturing ng Estados Unidos na terorista ang grupong Taliban. Ilan sa mga akusasyong ibinabato sa Taliban ay massacre, human trafficking, di-pantay na pagtrato sa kababaihan, at suicide bombings.

Sino nga ba si Malala? Ipinanganak siya noong ika-2 ng Hulyo 1997 sa Mingora, Swat Valley, sa hilagang bahagi ng Pakistan, malapit sa Afghanistan. Taong 2007 nang masakop ng mga Taliban ang Swat Valley sa Pakistan at mula noon ipinatupad nila ang mga patakarang nakabatay sa batas Sharia ng mga Muslim. Kabilang sa mga ito ay ang pagpapasara ng mga dormitoryo at paaralan para sa mga babae, nasa mahigit 100 paaralan ang kanilang sinunog sa Pakistan upang hindi na muli pang makabalik ang mga babae sa pag-aaral. Sa mga taong ito, isang batang babae pa lamang si Malala na nangangarap na makapag-aral. Nagsimula ang mga pagpapahayag ni Malala ng kanyang mga adbokasiya noong 2009. Lumawak ang impluwensiya ni Malala dahil sa kanyang pagsusulat at mga panayam sa mga pahayagan at telebisyon. Dahil dito, nakatanggap ng mga banta sa kanilang buhay ang pamilya ni Malala, ngunit hindi ito naging hadlang upang ipagpatuloy niya ang paglaban para sa edukasyon ng mga babae sa Pakistan.

Ang pagbaril kay Malala ang nagpakilala sa mundo ng tunay na kalagayan ng edukasyon ng mga babae sa Pakistan. Matapos siyang maoperahan, iba't ibang mga pagkilala at parangal ang kanyang natanggap ngunit hindi niya kinalimutan ang mga kapwa niya babae hindi lamang sa Pakistan, maging sa iba pang bahagi ng daigdig. Itinatag niya noong 2013 ang Malala Fund, isang organisasyong naglalayon na makapagbigay ng libre, ligtas, at de-kalidad na edukasyon sa loob ng 12 taon. Naglaan din ang pamahalaan ng Pakistan ng malaking pondo para sa edukasyon ng mga babae. Iginawad din sa kanya ang Nobel Peace Prize kasama ang aktibistang si Kailash Satyarthai noong 2014. Nakapagpatayo na rin siya ng paaralan sa Lebanon

para sa mga batang babae na biktima ng digmaang sibil sa Syria. Sa kasalukuyan, patuloy ang pagpapakilala ni Malala sa tunay na kalagayan edukasyon ng mga batang babae sa iba't ibang bahagi ng daigdig sa pakikipagkita at pakikipag-usap sa mga pinuno ng iba't ibang bansa at pinuno ng mga organisasyong sibil at non-government organizations o NGOs gaya ng United Nations at iba pa.

Gawain 4: Kahulugan sa bawat Letra!

Panuto: Bigyan ng kahulugan ang salitang diskriminasyon gamit ang mga letra nito. Gawin ito sa hiwalay na papel.

D	⇄	
I	⇄	
S	⇄	
K	⇄	
R	⇄	
I	⇄	
M	⇄	
I	⇄	
N	⇄	
A	⇄	
S	⇄	
Y	⇄	
O	⇄	
N	⇄	

Gawain 5: Oranisasyon, Inspirasyon para sa Edukasyon!

Panuto: Batay sa kuwento ng buhay at pakikipaglaban ni Malala Yousafzai sa mga Taliban sa Pakistan, maglista ng mga adbokasiya ng ibat ibang organisasyon na may layuning magbigay inspirasyon sa mga batang babae at kababaihan hinggil sa kahalagahan ng edukasyon. Gamitin ang internet at sosyal midya upang mas mapalalim ang pag-unawa sa paksa. Ilagay ang sagot sa hiwalay na papel.

Gawain 6: Sino siya?

Panuto: Kilalanin ang sumusunod na personalidad batay sa kanilang kontribusyon sa iba't ibang larangan sa iba't ibang panig ng mundo. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

- _____ 1. Ang CEO ng Apple Inc. na gumagawa ng iPhone, iPad, at iba pang Apple products.
- _____ 2. Nakilala siya sa pagtatag ng “Ang Ladlad”, isang pamayanan na binubuo ng mga miyembro ng LGBT.
- _____ 3. Kauna-unahang transgender na miyembro ng Kongreso.
- _____ 4. Isang mamamahayag at tinawag ng New York Time na “the most prominent open gay on American television.”
- _____ 5. Chair, Presidente, at CEO ng Lockheed Martin Corporation, na kilala sa paggawa ng mga armas pandigma at panseguridad, at iba pang mga makabagong teknolohiya.
- _____ 6. Siya ang Chief Executive Officer ng ZALORA.

- _____ 7. Isang artista, manunulat, stand-up comedian at host ng isa sa pinakamatagumpay na talk-show sa Amerika, ang “The Ellen Degeneres Show”.
- _____ 8. Matagumpay na artista sa pelikula at telebisyon, nakilala siya sa longest-running Philippine TV drama anthology program Maalaala Mo Kaya.
- _____ 9. Tinawag ni Oprah Winfrey na “the talented girl in the world.” Isa sa sumikat na awit niya ay ang Pyramid.
- _____ 10. Kilala bilang isang magaling na host at tinaguriang “Asia’s King of Talk”.


Binabati kita at natapos mong pag-aralan ang unang paksa at nagawa mo ring sagutan ang mga gawain na inihanda para sa iyo. Handa ka na bang pag-aralan ang susunod na paksa? Muli mong lawakan ang iyong pang-unawa at pag-aralan ang mga karahasan na nararanasan ng lalaki, babae at maging ng mga LGBT.

Paksa 2: Mga Karahasan sa mga kababaihan, kalalakihan at LGBT

Sa bahaging ito ng aralin ay masasaksihan mo ang mga ibat ibang uri ng karahasang kinakaharap ng mga kalalakihan, kababaihan at LGBT. Inaasahan din na matapos ang mga gawaing nakapaloob dito, matataya at masusuri mo ang mga nasabing isyu, at magkakaroon ka ng mas matibay, malinaw na pang-unawa sa lahat ng mga isyus hinggil sa kasarian.

Ang ibat ibang anyo ng karahasan ay walang pinipiling kasarian. Ito ay maaaring nangyayari sa paaralan, sa lansangan, sa pinapasukang trabaho maging mismo sa loob ng ating tahanan, subalit inaakala ng iba na ito ay natural lamang at bunga ng pagiging mahina ng kababaihan o maaring kawalan ng batas na nagbibigay proteksiyon ng walang pagkiling sa kasarian.

Ang kababaihan, sa Pilipinas man o sa ibang bansa, ay nakararanas ng pang-aalipusta, hindi makatarungan at hindi pantay na pakikitungo at karahasan. Ang mababang pagtingin sa kababaihan ay umiiral na noon pa sa iba’t ibang kultura at lipunan sa daigdig. Mababanggit ang kaugaliang *foot binding* noon sa China na naging dahilan ng pagkakaparalisa ng ilang kababaihan.




Ang “*foot binding*” ay isinasagawa ng mga sinaunang babae sa China. Ang mga paa ng mga batang babae ay pinapaliit hanggang sa tatlong pulgada gamit ang pagbalot ng isang pirasong bakal.

Ang korte ng paa ay pasusunurin sa bakal sa pamamagitan ng pagbali sa mga buto ng paa nang paunti-unti gamit ang telang mahigpit na ibinalot sa buong paa.

Ang tawag sa ganitong klase ng mga paa ay *lotus feet* o *lily feet*. Halos isang milenyong umiral ang tradisyong ito. Ang pagkakaroon ng ganitong klase ng paa sa simula ay kinikilala bilang simbolo ng yaman, ganda, at pagiging karapat-dapat sa pagpapakasal. Subalit dahil sa ang kababaihang ito ay may bound feet, nalimitahan ang kanilang pagkilos, pakikilahok sa politika, at ang kanilang pakikisalamuha.


Tinanggal ang ganitong sistema sa China noong 1911 sa panahon ng panunungkulan ni Sun Yat Sen dahil sa di-mabuting dulot ng tradisyong ito



Ano ba ang karahasan sa kababaihan?

Ayon sa United Nations, ang karahasan sa kababaihan (violence against women) ay anomang karahasang nauugat sa kasarian na humahantong sa pisikal, seksuwal o mental na pananakit o pagpapahirap sa kababaihan, kasama na ang mga pagbabanta at pagsikil sa kanilang kalayaan.

May ilang kaugalian din sa ibang lipunan na nagpapakita ng paglabag sa karapatan ng kababaihan. Subalit ang nakakalungkot dito, ang pagsasagawa nito ay nag-uugat sa maling paniniwala. Mababanggit na halimbawa ang *breast ironing* o *breast flattening* sa Africa.



Ang breast Ironing/ breast flattening sa Africa ay isang matandang kaugalian sa bansang Cameroon sa kontinente ng Africa. Ito ang pagbabayo o pagmamasaha ng dibdib ng batang nagdadalaga sa pamamagitan ng bato, martilyo o spatula na pinainit sa apoy.

May pananaliksik ang Cameroonian women's organization at Germany's Association for International Cooperation noong 2006 na nagsasabing 24% ng mga batang babaeng may edad siyam ay apektado nito. Ipinapaliwanag ng ina sa anak na ang pagsagsagawa nito ay normal lamang upang maiwasan ang:

- (1) maagang pagbubuntis ng anak;
- (2) paghinto sa pag-aaral; at
- (3) pagkagahasa.

Ang karahasan sa kababaihan ay hindi lamang problema sa Pilipinas kundi pati na rin sa buong daigdig. Sa katunayan, itinakda ang Nobyembre 25 bilang *International Day for the Elimination of Violence Against Women*. Dito sa Pilipinas itinakda naman ang Nobyembre 25 hanggang December 12 na tinaguriang 18 Day Campaign to End VAW na ayon sa mandato ng *proclamation 1172 s. 2006*. Ang adbokasiyang ito ay may layuning ipaalam ang iba't ibang uri ng karahasan sa mga kababaihan at kung paano ito mapipigilan.

ISTATISKA NG KARAHASAN SA KABABAIHAN

(Mula sa 2013 National Demographic Health Survey ng Philippine Statistics Authority)

1. Isa sa bawat limang babae na nasa edad 15-49 ang nakaranas ng pananakit na pisikal simula edad 15, anim na porsyento ang nakaranas ng pananakit na pisikal.
2. 6% ng mga babaeng 15-49 ang nakaranas ng pananakit na seksuwal
3. Isa sa apat na mga babaeng kasal na may edad 15-49 ang nakaranas ng emosyonal, pisikal at/o pananakit na seksuwal mula sa kanilang mga asawa.
4. Mula sa mga babaeng may asawa at kasal na nakaranas ng pisikal o sekswal na pang-aabuso sa loob ng 12 buwan, 65% ang nagsabing sila ay nakaranas ng pananakit.

Ang **GABRIELA** (General Assembly Binding Women for Reforms, Integrity, Equality, Leadership, and Action) ay isang samahan sa Pilipinas na laban sa iba't ibang porma ng karahasang nararanasan ng kababaihan na tinagurian nilang "Seven Deadly Sins Against Women". Ang mga ito ay ang:

1. pambubugbog/pananakit,
2. panggagahasa,
3. incest at iba pang seksuwal na pang-aabuso,
4. sexual harassment,
5. sexual discrimination at exploitation,
6. limitadong access sa reproductive health,
7. sex trafficking at prostitusyon.

Ayon sa ulat ng Mayo Clinic, hindi lamang kababaihan ang biktima ng karahasan na nagaganap sa isang relasyon o ang tinatawag na domestic violence, maging ang kalalakihan at LGBT ay biktima rin. Ayon pa sa ulat, ang ganitong uri ng karahasan sa mga kalalakihan ay hindi madaling makita o makilala. Ang ganitong uri ng karahasan ay maaring emosyonal, seksuwal, pisikal, at ibang banta ng pang-aabuso. Tandaan din na ito ay maaaring maganap sa heterosexual at homosexual na relasyon.

Maaari mong malamang inaabuso ka na kung napapansin mo ang mga ganitong pangyayari:

1. tinatawag ka sa ibang pangalang may kaakibat na pang-iinsulto;
2. pinipigilan ka sa pagpasok sa trabaho o paaralan;
3. pinipigilan kang makipagkita sa iyong pamilya o mga kaibigan;
4. sinusubukan kang kontrolin sa paggastos sa pera, saan ka pupunta at kung ano ang iyong mga isusuot;
5. nageselos at palagi kang pinagdududahan na nanloloko;
6. madalas pinagagalitan ka ng walang dahilan;
7. pinagbabantaan ka na sasaktan;
8. sinisipa, sinasampal, sinasakal o sinasaktan ka;
9. pinipilit kang makipagtalik kahit labag sa iyong kalooban; at
10. sinisipi ka sa kanyang pananakit o sinasabi sa iyo na nararapat lamang sa iyo ang ginagawa niya sa iyo.
11. pinagbabantaan kang sasabihin sa iyong pamilya, mga kaibigan at mga kakilala ang iyong oryentasyong seksuwal at pagkakakilanlang pangkasarian.

Gawain 7: Kapag may katuwiran, Ipaglaban mo!

Panuto: Itala ang iyong saloobin sa sumusunod na sitwasyon. Gawin ito sa sagutang papel.


1. Kapag ang babae ay inaabuso ng kaniyang asawa, anong payo ang maaari mong sabihin sa kaniya?

2. Nakita mong inaabuso ang iyong kamag-anak, kaibigan, o maging sinuman, ano ang nararapat mong gawin?


3. Sa inyong tahanan, si tatay ang naiiwan at gumagawa ng mga gawaing bahay. Maituturing mo ba itong diskriminasyon sa kasarian?

4. Bilang isang anak, ano ang iyong dapat gawin kapag madalas mong marinig sa iyong lola na sabihan ang iyong ama na isang palamunin?

5. Ano ang iyong mararamdaman kapag nalaman mong tomboy pala ang iyong kaibigan?



Pagyamanin



Malinaw na tinalakay sa modyul na ito ang kahulugan ng diskriminasyon, mga uri ng karahasan na nararanasan ng mga kababaihan, kalalakihan at LGBT. Gayundin ang mga ilang personalidad na nakilala sa ibat' ibang larangan, at ang kanilang mga kontribusyon sa pagsulong ng LGBT community. Maliwanag na ba sa iyo ang mga natalakay?

Kung ganun, binabati kita! Ngunit hindi pa nagtatapos ang mga gawain na inihanda para sa iyo upang lubos mong maunawaan ang aralin. Ang sumusunod na gawain ay makatutulong sa iyo upang mapagyaman mo pa ang iyong natutuhan tungkol sa paksa.

Gawain 8: *Seven Sins!*

Panuto: Punan ang diagram ng wastong sagot ayon sa tinawag na **Seven Deadly Sins** ng grupong **GABRIELA**. Gawin ito sa sagutang papel.

Gawain 9: Oo o Hindi!

Panuto: Isulat ang Oo sa patlang kung ang pahayag ay nagpapakita ng anumang uri ng karahasan, isulat ang Hindi kung hindi ito nagpapakita ng anumang karahasan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

- _____ 1. Ikaw ay iniinsulto sa harap ng maraming tao.
- _____ 2. Ikaw ay hinahayaang mag-aral ng iyong mga magulang.
- _____ 3. Hindi ka pinagbabawalang magsimba.
- _____ 4. Pinipigilan kang pumasok sa trabaho.
- _____ 5. Lagi kang pinagseselosan.
- _____ 6. Pinipigilan kang makipagkita sa iyong pamilya at kaibigan.
- _____ 7. Iginagalang ka ng iyong kasintahan.
- _____ 8. Ikaw ay sinasabihang bayolente.
- _____ 9. Ipinapaalam ka sa iyong mga magulang kung kayo ay mamamasyal.
- _____ 10. Pinagbabantaan kang sasaktan ka.



Isaisip

Napakagaling at narating mo na ang bahaging ito ng iyong modyul! Ibig sabihin malapit mo na itong matapos. Sa bahaging ito ay kailangan mong ipakita na naiintindihan mo na at tumatak sa iyong isipan ang mga kaalamang ibinahagi ng modyul kasama ang mga layunin nito.

Halika na at tapusin ang natitira pang mga gawain. Alam kong kayang-kaya mo!

Gawain 10: Saloobin Mo, Mahalaga!

Panuto: Ang sumusunod na pahayag sa ibaba ay karaniwang nagaganap at napapansin sa ating mga tahanan, naririnig sa radio, napapanood sa telebisyon at maging sa simpleng pag-uusap ng mga tao. Sumasang-ayon ka ba o hindi sang-ayon sa mga ganitong pahayag? Isaad ang iyong saloobin. Gumamit ng hiwalay na papel para sa iyong kasagutan.


1. “Babae kasi, kaya mabagal kumilos.”

2. “Bawal dito ang mga babae!”

3. “Anak-mayaman kasi, kaya laki sa layaw.”

4. “Para sa bahay lang naman kayong mga babae kaya huwag na kayong mag-aral.”

5. “Mga lalaki talaga, bolero, babaero, lasinggero!”



Isagawa

Ngayon, ganap na ang iyong kaalaman tungkol sa aralin. Batid kong nakita mo na ang ugnayan ng mga ito sa iyong buhay. Ano nga ba ang kahalagahan ng mga paksa na iyong natutuhan? May kabuluhan nga ba ang mga ito?


Bilang isang mag-aaral, may gampanin ka sa pagharap ng mga isyu tungkol sa kasarian at lipunan. Inaasahan ko na masasagutan mo nang maayos ang susunod na gawain.

Gawain 11: Ilahad Mo!

Ang gawaing ito ay paglalahad ng mga malilikhaing paraan at hakbang na maaring isagawa ng mga kabataang tulad mo upang maipakita ang iyong suporta at maiwasan ang paglaganap ng diskriminasyon.

Nakatala sa ibaba ang mga gawaing maaari mong pagpilian. Pumili lamang ng isa. Ilagay ito sa hiwalay na papel.

- a. blog
- b. tula
- c. pagsulat awit





Tayahin

Mahusay! Iyong napatunayan ang iyong galing sa pagsagot sa mga gawain sa modyul na ito. Huling hirit na. Sagutin ang panghuling pagtataya upang higit mong mapatunayan ang iyong pag-unawa sa lahat ng tinalakay na nakapaloob sa modyul na ito.

Gawain 12: Panghuling Pagtataya


Panuto: Basahin at unawain ang bawat pangungusap. Bilugan ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Ang breast ironing o breast flattening ay isang uri ng karahasan laban sa mga batang babae sa Cameroon. Bukod sa sampung rehiyon ng Cameroon, isinasagawa rin ang nakakapinsalang kasanayan ng pagyupi ng suso sa sumusunod na bansa maliban sa _____.
A. Benin
B. Kenya
C. Zimbabwe
D. Uganda
2. Itinakda ang Nobyembre 25 bilang International Day for the Elimination of Violence Against Women upang _____.
A. mapalaganap ang kaalaman tungkol sa karahasan sa mga kababaihan at kung paano ito matatanggal o malilimitahan
B. maalala ang kabutihan ng mga babae
C. malaman ang kagandahan ng mga babae
D. makilala ang mga nagawa ng mga kababaihan
3. Ang Female Genital Mutilation o FGM ay isang proseso ng pagbabago sa ari ng mga batang kababaihan nang walang anumang benepisyong medikal. Ano ang pangunahing layunin ng pagsasagawa ng Female Genital Mutilation (FGM) sa Africa at Kanlurang Asya?
A. Pagsunod sa kanilang kultura at paniniwala.
B. Upang hindi mag-asawa ang kababaihan.
C. Ito ay isinagagawa upang maging malinis ang kababaihan.
D. Upang mapanatiling puro at dalisay ang babae hanggang sa siya ay maikasal.
4. Ang breast ironing o breast flattening ay isang tradisyonal na kaugalian ng sapilitang pagyupi o pagbayo sa suso ng mga batang babae gamit ang mga maiinit na bagay upang mapigilan ang pagbuo nito. Alin sa mga sumusunod ang hindi malinaw na dahilan kung bakit ito ginagawa?
A. upang maiwasan ang mga sakit
B. upang maiwasan ang pagkagahasa
C. upang maiwasan ang paghinto sa pag-aaral
D. upang maiwasan ang maagang pagbubuntis

5. Ang mababang pagtingin sa kababaihan ay umiiral na noon pa sa iba't ibang kultura at lipunan sa daigdig. Ang kaugaliang foot binding noon sa China ay naging dahilan ng pagkakararalisa ng ilang kababaihan. Pinaniniwalaan na ang pagkakaroon ng "lotus feet" ay nangangahulugan ng _____ maliban sa isa.
- simbolo ng ganda
 - simbolo ng yaman
 - karapat-dapat sa pagpapakasal
 - karapat-dapat sa marangyang pamumuhay
6. Sa India, isinasagawa ng mga Muslim at ilang Hindu ang pagtatabing ng tela sa kababaihan upang maitago ang kanilang mukha at maging ang hubog ng kanilang katawan. Ano ang tawag dito?
- Burqa
 - Purdah
 - Niqab
 - Malong
7. Ang karahasan na nakabatay sa kasarian ay isang karahasan na nakadirekta laban sa isang tao dahil sa kanilang kasarian. Parehong kababaihan at kalalakihan ang maaring maging biktima. ngunit ang karamihan sa mga biktima ay kababaihan at babae. Ang sumusunod ay palatandaan ng ganitong uri ng karahasan maliban sa isa.
- Humihingi ng tawad at nangangakong magbabago.
 - Nagseselos at palagi kang pinagdududahan.
 - Madalas sinasabi na nararapat lamang ang ginagawa niya sa iyo.
 - Sinisipa, sinasakal o sinasaktan ang mga anak o alagang hayop.
8. Ang GABRIELA ay isang pambansang alyansa ng samahan ng mga kababaihan sa Pilipinas, na lumalaban sa iba't ibang karahasang nararanasan ng kababaihan. Pokus ng kampanya ay tinaguriang "Seven Deadly Sins Against Women". Alin sa mga sumusunod ang hindi kasama rito?
- Pambubugbog
 - Pagnanakaw
 - Panggagahasa
 - Pananakit
9. Ang sumusunod ay nagpapakita ng karahasan sa lahat ng kasarian. Alin sa mga ito ang nagpapakita ng "domestic violence"?
- Patuloy na tinatanggi ang mga saloobin, ideya at opinyon.
 - Nagmumura kapag nakainom ng alak o gumagamit ng droga.
 - Nagsasabi na hindi tutulongan ng pamahalaan ang mga gay, bisexual at transgender.
 - Nananakit o nambubugbog ng asawa dahil sa selos.
10. Ang Anti-Homosexuality Act of 2014 ay nagsasaad na ang same- sex relations at marriages ay maaaring parusahan ng panghabambuhay na pagkabilanggo. Aling bansa ang nagpapahayaag nito?
- India
 - China
 - Uganda
 - Saudi Arabia

11. Taon na tinanggal ang sistemang foot binding sa China ay panahon ng panunungkulan ni Sun Yat Sen dahil sa hindi mabuting dulot ng tradisyong ito?
- A. 1911
B. 1912
C. 1913
D. 1914
12. Ito ay ang anumang pag-uuri, eksklusiyon o restriksiyon batay sa kasarian na naglalayon o nagiging sanhi ng hindi pagkilala, paggalang, at pagtamasa ng mga babae ng kanilang mga karapatan o kalayaan.
- A. pang-aabuso
B. diskriminasyon
C. pagsasamantala
D. pananakit
13. Kinausap ka ng kasintahan mo at sinabing nag-aalinlangan siya sa pag-ibig mo. Masyado ka raw mailap sa kanya. Sa pag-aalala mong iiwan ka niya, tinanong mo siya kong ano ang kailangan upang mapatunayan mong hindi ka niya iiwan. Tinitigan ka niya at tinanong, kung talagang mahal mo ako, handa ka bang ibigay ang sarili mo sa akin kahit hindi pa tayo mag-asawa?²² Bilang isang mapanagutang lalaki o babae, ano ang gagawin mo?
- A. Magtatanong o kokonsulta sa guidance counselor.
B. Makikipaghiwalay sa kasintahan, dahil hindi pa handa sa nais niya.
C. Isusumbong ko siya sa kanyang mga magulang.
D. Kakausapin siya at sasabihing hindi ka pa handa para sa ganitong uri ng ugnayan.
14. Ang mababang pagtingin sa kababaihan ay umiiral na noon pa sa iba't ibang kultura at sa lipunan. Sa sinaunang China isinasagawa ang foot binding sa kababaihan kung saan pinapaliit ang kanilang paa ng hanggang tatlong pulgada gamit ang pagbalot ng isang pirasong bakal. Ano ang tawag sa pinaliit na paa ng mga sinaunang kababaihan sa China.
- A. FGM
B. Sharo
C. Lotus Feet
D. Sunna
15. Si Raul ay naniniwala na dapat ang lalaki ang nasusunod at may awtoridad sa pamilya. Anong uri ng diskriminasyon ang ipinapahayag dito?
- A. edad
B. kasarian
C. kulay ng balat
D. lahi

Teka lang, teka lang! Isa pang hirit! Upang maipakita mo na talagang malalim ang pag-unawa mo sa mga isyu sa kasarian at lipunan, isagawa ang karagdagang gawain na inihanda para sa iyo.



Karagdagang Gawain

Gawain 13: Google pa more!

Panuto: Magsagawa ng pananaliksik tungkol sa diskriminasyon na nararanasan ng mga kalalakihan, kababaihan at LGBT Maaaring magmasid sa inyong komunidad, tahanan paaralan, at sa mga pinapasukang trabaho. Maglatag ng paraan kung paano ito masosolusyonan. Gumamit ng hiwalay na papel para sa iyong kasagutan.

	Paaralan	Tahanan	Kumonidad	Pinapasukang Trabaho	Solusyon
kalalakihan					
kababaihan					
LGBT					



Susi sa Pagwawasto

**Panghuling
Pagtataya**

1. D
2. A
3. D
4. A
5. D
6. B
7. A
8. B
9. B
10. C
11. A
12. B
13. D
14. C
15. B

**Panimulang
Pagsusultit**

1. C
2. C
3. A
4. C
5. D
6. C
7. C
8. D
9. D
10. C
11. C
12. D
13. C
14. D
15. A

Sanggunian

- Center for Women's Resources. (2012, March 12). *Seven deadly sins against women*. <https://cwrawe.wordpress.com/2012/03/12/seven-deadly-sins-against-women/>
- Department of Education. (2017). *Kontemporaryong isyu: Modyul ng mga mag-aaral* (pp. 283-309).
- Department of Education. (2017). *Kontemporaryong isyu: Gabay ng mga guro* (pp. 262-291).
- Driscoll, E. T. (2011). *Class and gender in the Philippines: Ethnographic interviews with female employer female domestic dyads* [Unpublished doctoral dissertation]. Syracuse University.
- Malala Yousafzai. (2016, May 20). Malala Yousafzai. <https://mylifemystory27.wordpress.com/>
- Mayo Clinic. (2020, February 25). *Recognize the signs of domestic violence against women*. <https://www.mayoclinic.org/healthy-lifestyle/adult-health/in-depth/domestic-violence/art-20048397>
- Mead, M. (2016). *Sex and temperament: In three primitive societies*. HarperCollins.
- National FGM Centre. (n.d.). *Breast flattening – National FGM centre*. National FGM Centre – Developing excellence in response to FGM and other Harmful Practices. <https://nationalfgmcentre.org.uk/breast-flattening/>
- Philstar. (2003, September 29). *Lalaki biktima rin ng 'verbal abuse'*. Philstar.com. <https://www.philstar.com/bansa/2003/09/29/222465/lalaki-biktima-rin-ng-verbal-abuse>
- UNDP, & USAID. (2014). *Being LGBT in Asia: The Philippines country report*. https://pdf.usaid.gov/pdf_docs/PBAAA888.pdf
- World History Encyclopedia. (2017, September 27). *Foot-binding*. Ancient History Encyclopedia. <https://www.ancient.eu/Foot-Binding/>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph